

1

“Ayon sa aking baraha, ikaw ay may pananagutan sa mga espiritu ng iyong mga ninuno. Malimit ka nilang dinadalaw ngayon dahil sa isang panata.”

Iyon ang pahayag ni Madam Wisya, ang manghuhula na pinuntahan ni Maggie kasama ang kaibigan niyang si Charice. Nais niyang malaman ang dahilan ng kanyang suliranin.

Nagkatinginan silang magkaibigan.

“Panata? Ano po ang iyong ibig sabihin?” usisa ni Charice.

“Balikan mo ang iyong nakaraan at doon mo masusumpungan ang kasagutan,” misteryosong saad nito sa malamig nitong boses. “Ikaw ay pinili, hinirang para sa isang marangal na tungkulin at kailan man ay hindi mo ito matatakasan. Ang iyong mga ninuno ay tinatawag ka para isakatuparan ang panata para sa ’yo,” patuloy nito.

She swallowed hard, trying to grasp the words of Madam Wisya.

Nang gabing iyon pagkauwi niya mula sa

Baclaran ay nagkaroon sila ng diskusyon ng kanyang ama. Nasa sala sila nang mga sandaling iyon.

“You are not going anywhere, Maggie,” mariin ang boses na pahayag ni Ponce sa anak.

“Pero, Papa, kailangan kong magpunta sa Benguet. Gusto kong puntahan ang pinanggalingan ni Mama. Marami akong katanungan na nangangailangan ng sagot.”

“Sino ang pupuntahan mo doon? Matagal nang panahon na wala akong balita sa mga kamag-anak ng mama mo doon. Simula nang ipinanganak ka at bawian ng buhay ang iyong ina ay wala na akong balita sa mga kamag-anak mo doon.”

Nakahalukip na umupo siya sa gilid ng couch, nakataas na mga tuhod at yakap-yakap ang isang throw pillow. Tumingin siya sa malayo. Alam niyang may itinatago ang papa niya sa kanya tungkol sa panig ng mama niya. Iyon marahil ang dahilan kung bakit siya binabangungot.

Si Edith, ang kanyang ina, ay taga-Benguet. Ayon sa kuwento ng kanyang ama noong bata siya, nagkakilala ang mga magulang niya sa Baguio noong minsang nagtrabaho roon si Ponce. Laking-Manila ang kanyang papa. Isa itong engineer at napadpad

ito ng Baguio dahil sa isang project. Doon na rin nagpakasal ang dalawa.

Pagkatapos ng kasal ay umuwi ng Manila ang mga ito at doon nanirahan. At sa lungsod na rin siya ipinanganak. Makalipas ang isang taon ay nagkasakit ang kanyang mama at ito ay namatay. Ang papa naman niya ay hindi na rin nakapag-asawa ulit dahil naging sakitin ito.

Naka-survive lang silang mag-ama dahil sa negosyong ipinamana ng mga magulang nito na ang nangangasiwa ay ang kanyang butihing tito dahil hindi kayang magtrabaho ni Ponce. Kinuha siya ng kanyang tiyuhin bilang executive accountant sa family company nila nang siya ay magtapos ng Accountancy at nakapasa ng board examinations.

“Anak,” malumanay na tawag ni Ponce na umupo sa kanyang tabi at puno ng pagmamahal na tinapik ang kanyang balikat, “bigyan mo ako ng dahilan kung bakit nais mong puntahan ang iyong mga kamag-anak doon sa Benguet.”

Tumingin siya sa ama at pilit na ngumiti. “Galing ako sa manghuhula kanina, Pa,” kagat ang labi na pagtatapat niya.

“What?” Namilog ang mga mata nito sa narinig.

“Ganito po kasi ’yon, Pa. I’ve been having dreams. Lately, those simple dreams turned into nightmares. Halos kada Biyernes ng gabi ay binabangungot ako and it’s making me terrible and sick. Iyon ang dahilan kaya pumunta kami ni Charice kanina sa Baclaran. Sinabi ng manghuhula na ito raw ay may kinalaman sa aking mga ninuno sa mother side. I want to find an answer to this, Pa.”

Bumuntong-hininga si Ponce saka tumingin sa malayo. “I guess you are old enough para malaman kung ano ang katotohanan, Anak.”

Katotohanan? Napatuwid siya ng upo. “What do you mean?”

“Ang lola mo ay isang *mambunong* sa tribo ng Ibaloi, a priestess. And I should say that the group where she belonged from Ibaloi tribe ay extreme sa kanilang paniniwala. Si Edith, ang mama mo, ang susunod na mambunong para palitan ang iyong lola dahil iyon ang tradisyon nila. Pero mas pinili niyang mamuhay sa siyudad kasama ko. Bagaman tutol ang lola mo sa desisyon ni Edith ay wala naman itong nagawa.

“Nang magpakasal kami ay tinakot ako ng Lola Anita mo na may mangyayari sa amin na hindi maganda kapag inilayo ko sa kanya ang kanyang

anak. Noong gabing manganganak si Edith para iluwal ka, bigla raw lumitaw si Lola Anita mo at binalaan ang mama mo na kapag hindi raw siya bumalik para tuparin ang tradisyon ay may mangyayari daw sa amin, 'tapos bigla na lang itong naglaho."

Nangilabot siya sa narinig. "Ano po ang naging desisyon ni Mama?"

Huminga nang malalim si Ponce saka tumingin sa kanya. "Ayaw nang bumalik ni Edith sa kanyang tribo. Alam niyang may maling ginagawa ang lola mo, isang maling tradisyon na ayaw niyang isalin sa 'yo. Isang taon matapos ka niyang isilang ay nagkasakit siya nang malubha na naging dahilan para bawian siya ng buhay. Pagkatapos n'on, ako naman ang naging sakitin. Alam ko na may kinalaman dito ang Lola Anita mo."

"Pa," aniyang inabot ang kamay ng ama, "bakit ngayon n'yo lang po ito sinabi sa akin?"

"Natatakot ako para sa 'yo, Anak. Nawala sa akin ang mama mo, ayaw kong mangyari iyon sa 'yo," malungkot na sagot nito, pinipigilan ang pagsungaw ng luha sa sulok ng mga mata dahil sa pangungulila sa asawa at takot para sa anak.

"It won't happen, Pa," paniniguro niya bagaman

hindi alam kung mapanghahawakan niya ang kanyang sinabi. With all these dreams she was having, she felt helpless and vulnerable.

Umiling ito. “Sa tingin ko, involved sa witchcraft ang lola mo. Kaya nakikiusap ako, Anak... please, huwag mo nang ituloy ang iyong binabalak. Hindi natin alam kung anong panganib ang naghihintay sa ’yo, sa atin.”

Witchcraft? Pakiramdam ni Maggie ay nagtayuan ang lahat ng kanyang balahibo. Hindi kaya iyon ang dahilan kung bakit siya hindi tinitigilan ng bangungot? Pero ano nga ba ang dapat gawin kundi ang harapin iyon katulad ng sinabi ng manghuhula para matapos na ito.

“Pa, wala akong ibang maisip kundi ang harapin ito. Hindi habang-buhay na matatakan natin ’to. Kung kinakailangan kong humingi ng tawad sa aking lola ay gagawin ko para lang mawala kung ano mang sumpa ang dinala niya sa atin.”

“Kung sana’y naging matatag lang akong Kristiyano, baka hindi ito nangyari sa atin. Kung nagpatuloy lang sana ako sa pagdarasal sa Panginoon, baka naiba ang takbo ng ating buhay,” anito na punong-puno ng pagsisisi at kalungkutan. Lumaki sa isang Christian family si Ponce, subalit dahil sa

mga pagsubok na pinagdaanan ay bumitaw ito sa Panginoon.

“Kaya natin ’to, Pa. Kaya natin ’to.”

“Josh, Tito Philip called me this morning.” Iyon kaagad ang bungad ni Jeremiah kay Joshua pagkapasok niya ng bahay. Ito ay ang kanyang nakababatang kapatid. Naabutan niya ito sa sala; nanonood ng balita sa TV para sa gabing iyon, nakahiga sa mahabang couch, nakaunan ang mga kamay sa ulo nito at nakapatong ang remote control sa dibdib.

“Bakit daw?” aniyang umupo sa isang single-seater couch sa kabilang panig ng hinihigaan nito. Sumandal siya sa backrest ng couch para saglit na magpahinga at ipinikit ang mga mata. Nakaramdam siya ng pagod dahil madami silang tinapos sa opisina. Siya ang namumuno ng kanilang family business na may kinalaman sa food and delicacies na ine-export nila at sila rin ang supplier ng mga iyon sa local markets. Ang ginagawa nilang mga delicacies ay nagmula pa sa Baguio.

“He was trying to call you, but he couldn’t reach you kaya ako ang tinawagan. He was asking

a favor kung puwede mo raw siyang tulungan para sa kaibigan niyang pupunta sa Benguet dahil may hahanapin daw itong tao roon.”

Napadilat siya, napakunot ang noo. “What do you mean?”

“Why don’t you call and ask him?” walang ganang sagot nito.

“You know that I’m a busy man, Jeremiah, so better spill it out,” babala niya.

Dalawa lang silang magkapatid at dahil ito ang bunso at malayo ang agwat ng edad nila kaya naging spoiled brat ito. Anim na taon ang tanda niya rito. Ganoonpaman, may takot at respeto naman ito sa kanya kaya lang minsan ay makulit at sakit ito sa ulo. Ulila na sila sa ama. Namatay ang tatay niya sa sakit noong bago pa mag-high school ang kanyang kapatid, kaya siya ang naging katuwang na kanyang mama para maitaguyod ang kanilang pamilya at buhay.

Dapat sana ay patapos na sa pag-aaral si Jeremiah, subalit dahil nagbulakbol at nagpaiba-iba ng kurso kaya hindi matapus-tapos sa kolehiyo. Umaasa siyang ngayon ay magdedere-derecho na ito sa pag-aaral dahil nasa third year college na ito sa kursong Fine Arts major in Advertising. Sa wakas

ay naisipan din nito na iyon ang kunin para raw makatulong sa lumalago nilang family business.

“Okay, okay, just calm down,” anitong itinaas ang mga kamay bilang pagsuko, pero komportable pa ring nakahiga sa couch. “He was asking some favor. Tinanong niya kung kailan ka daw puwedeng umakyat ng Baguio kasi may darating na bisita si Tito Philip at kailangan niya ’ata ang assistance mo.”

Lalong kumunot ang noo niya. *Favor? Assistance?* Mukhang nahihirapan siyang i-digest kung ano ang sinasabi ng kapatid. “I don’t get it. Dahil sa bisita niya kaya kailangan niya ng tulong ko?” His uncle’s visitor must be a very important one. Bihirang makiusap nang ganoon sa kanya ang lalaki.

“I told you, you better talk to him. Iyon lang ang sinabi niya sa akin. Urgent lang daw.”

Huminga siya nang malalim bago dinukot ang kanyang cellphone sa bulsa ng itim na pantalon at tinawagan ang tiyuhin. Tumayo siya nang sumagot ang nasa kabilang linya at lumakad papuntang porch ng bahay dahil maingay ang pinapanood na balita ni Jeremiah.

“Tito, napatawag daw kayo s’abi ng kapatid ko.”

“Yes, Hijo. Hindi ko makontak ang number mo

kanina, kaya si Jeremiah ang tinawagan ko.”

“I had a meeting this morning and I had to turn my phone off. So what is it all about?”

Tumikhim si Tito Philip. “Ngayon lang ako makikiusap, Hijo. Alam kong busy ka dahil sa negosyong naiwan ng iyong papa, pero sa pagkakataong ito ay nais kong humingi ng pabor sa ’yo. Kaunting pabor lang naman. Nakumbinsi ako ng mama mo na hingin ang pabor na ito dahil gusto ka na rin niyang makita.”

Nakakatandang kapatid ito ng kanyang mama. Biyudo ito at ang nag-iisang anak na babae ay nasa Canada na nakatira kasama ang pamilya nito.

“Go direct to the point, Tito, please,” aniyang hinimas-himas ang sumasakit na ulo dahil sa trabaho nang buong maghaponng iyon na halos walang pahinga.

Huminga ito nang malalim. “Kung puwede mo sanang samahan ang darating kong bisita para iikot sa Benguet. Hindi ko na kaya ang mag-ikot at humihina na ang aking mga tuhod. Hindi ko lang matanggihan dahil malaki ang utang-na-loob ko sa kaibigan kong ito. Nakiusap siya kung puwede ko raw siyang tulungan para sa kanyang anak.”

The Man On A White Horse - Cher Reyes

“At ano naman po ang magiging papel ko dito, Tito?”

2

Gumugol din nang ilang araw bago maiayos ang mga dapat na maiayos saka tumulak papuntang Baguio si Maggie nang mag-isa. Nag-leave siya nang dalawang linggo sa opisina at kaagad naman siyang pinayagan ng tito niya. Kinontak din ng kanyang ama ang matagal na nitong kaibigan na nakatira sa Baguio upang tulungan siya at para pansamantalang may matirahan siya roon.

Nakahalukip na pinagmasdan niya ang malawak na bakuran ng may kalakihang bahay sa loob niyon habang nakatayo sa labas ng bukas na gate. Nakasukbit sa balikat niya ang kanyang shoulder bag at nasa paanan naman ang katamtamang laking travelling bag na naglalaman ng ilang damit para sa pamamalagi niya sa lugar na iyon. Maski nakasuot ng jacket ay ramdam niya ang lamig ng paligid kahit tanghali na. Nagpahatid siya sa taxi sa lugar na iyon ng kaibigan ng papa niya.

Kahit kinakabahan kung paano ang kanyang magiging lagay at kung paano siya makikiharap sa kaibigan ng kanyang ama ay lakas-loob niyang pinindot ang doorbell sa poste kung saan nakadikit

ang bakal na gate.

Mayamaya ay may nakita siyang middle-aged na babae na lumabas sa pinto ng mansyon. Tumakbo ito papunta sa kinaroroonan niya.

“Magandang tanghali po,” nakangiti niyang bati rito.

“Ano po ang kailangan nila?” ganting ngiti nito sa kanya. Makikita sa mukha nito ang pagkaaliw sa simpleng ganda niya na pinagmasdan nito.

“Dito po ba nakatira si Philip Serna?”

Tumango ito, ang mga mata ay nagtatanong.

“Baka puwede ko po siyang makausap. Ako po ay si Maggie Advincula, anak po ng kaibigan niyang si Ponce.”

Lumawak ang pagkakangiti nito. “Ikaw pala si Maggie. Kanina ka pa hinihintay ni Kuya Philip. Tuloy ka,” anito.

Nakahinga siya nang maluwag sa isiping inaasahan pala ang kanyang pagdating. Binitbit niya ang kanyang traveling bag saka sumunod sa babaeng nagpatiuna nang maglakad pabalik sa mansyon.

“Kuya Philip, nandito na po si Maggie, ang bisita

n'yo," malakas na anunsyo ng babae nang sila ay makapasok sa maluwang na living room.

American-style ang interior decoration ng loob ng bahay mula sa mga paintings na nakasabit sa dingding at mga furniture at display sa loob ng bahay.

Lumabas ang isang nakasalaming lalaki na marahil ay kasing-edad ng papa niya, pero higit na mas makisig ito at maliksi tingnan kaysa sa kanyang ama. Mas maputi nga lang ang buhok nito kumpara kay Ponce.

"Welcome, Maggie," nakangiting bati nito sa kanya na nakabukas ang mga braso para yakapin siya. Nahihiya man ay gumanti siya ng yakap dito. Pakiramdam niya ay nakita niya ang ama rito. "Sa wakas, nakita ko rin ang dalaga ni Kumpareng Philip," masayang sabi nito.

"Salamat po, T-Tito Philip," nahihiya niyang turan nang kumalas siya rito. Hindi niya alam kung paano niya ito ia-address.

"Kung hindi ako nagkakamali, kinuha ako na ninong noon ni Papa mo bagama't hindi ako nakarating nang bininyagan ka kasi nandoon na kayo sa Manila. Kaya dapat 'Ninong Philip' ang itawag mo sa akin."

“Ganoon po ba, N-Ninong?” nahihiya at alanganin niyang balik. Walang nabanggit ang papa niya na ganoon. Sabagay, lumaki siya na walang natatandaan na may ninong o ninang siya lalo na tuwing araw ng Pasko.

“Aba, inaanak kita. Maalala ko, napakaliit mo pa lang noon nang makita kita. Kasalukuyang nasa Manila ako noon nang nanganak si Edith at tinawagan ako ni Ponce,” pagbabalik-tanaw nito. “Sa tingin ko, wala ka pang isang buwan noon nang makita kita.”

She smiled. How she wished her mother was there when she grew up. Ang sarap siguro ng magkaroon ng ina.

“Tingnan mo, kasing-ganda mo si Edith lalo na kapag ngumingiti ka.”

Lalong nahiya si Maggie sa papuring iyon. Nakita niya ang larawan ng ina kasama ang kanyang ama nang bagong kasal ang mga ito. At masasabi niyang maganda ang kanyang mama. Ayon sa kanyang ama ay nakuha niya ang hugis ng mukha ng kanyang ina pati ang mga mata at mga labi.

“Kuya, baka nagugutom na ang bisita n’yo at para pati kayo ay makapananghalian na rin,” sabad ng babae na sumalubong sa kanya kanina. Nakatayo

ito malapit sa kanila at nakikinig sa usapan nila.

“Oo nga pala. Hala, kumain na muna tayo, siguradong gutom ka mula sa biyahe. At mamaya ay ihahatid ka ni Erma sa magiging silid mo,” anito, sabay sulyap sa babaeng kawaksi.

Hindi na tumanggi si Maggie dahil kanina pa niya nararamdaman ang gutom. Kakapalan na niya ang kanyang mukha. Ang kanyang intensyon lang naman ay may pansamantalang matirhan at magpatulong na hanapin ang kanyang abuela na nasa La Trinidad.

Kaagad siyang iginiya ni Philip sa hapag-kainan. Ipinakilala siya nito kay Erma na siyang sumalubong sa kanya sa gate at kay Lara na sa isa pang babaeng kawaksi.

“Nabanggit sa akin ni Papa mo kung ano ang magiging pakay mo,” umpisa ni Philip habang kumakain sila sa mesa kasama ang mga kawaksi ng bahay.

Tumango siya habang marahang kumakain ng masarap na pananghalian na nakahain sa mesa.

“Alam mo, Maggie, noong kabataan pa namin, magkasama kami n'on ni Pareng Ponce na umakyat ng La Trinidad para hingin ang kamay ni Edith sa lola mo. Matagal na panahon na iyon. Kaya lang ang

pagkakaalam ko, minsan ay palipat-lipat ng lugar ang lola mo. Bagaman narating ko na ang lugar ng mama mo, baka ngayon ay hindi ko na matunton iyon dahil liblib at malayo.”

Bigla siyang kinabahan na napatingin dito. Ano ang ibig sabihin nito, masasayang ang kanyang ipinunta roon?

“Pero ’wag kang mag-alala, Hija, darating ang pamangkin ko bukas at sasamahan ka niya sa La Trinidad. May kapatid ako doon at siguro doon muna kayo maglalagi habang hinahanap n’yo ang lola mo. Ang pamangkin ko na ang bahala sa ’yo.”

Nakahinga siya nang maluwag. “Maraming salamat po, Tit—Ninong. Naisip ko po kasi na siguro ito ang tamang panahon na hanapin ko ang mga kamag-anak ng mama ko.”

“Sana’y napilit ko pala ang papa mo na sumama sa ’yo. Aba, matagal-tagal na rin kaming hindi nagkikita.”

“Sakitin na ho kasi si Papa, kaya nahihirapan na rin siyang magbiyahe.”

Hindi makapaniwala si Joshua na paakyat na

siya ng Baguio nang araw na iyon. Hindi lang niya talaga mapahindian ang kanyang Tito Philip na halos itinuring na niyang ikalawang ama. Nagbilin siya sa kanyang secretary na one week siyang mawawala sa opisina at kung may napakahalagang bagay na kailangan sa kanya ay kontakin siya sa kanyang private cellular number.

He decided to take an off from his busy schedule. Sabagay, ngayon lang siya makakapagpahinga ulit mula sa laging pagiging subsob sa trabaho. Iyon na rin ang pakiusap ng mama niya na umuwi siya sa Benguet.

Ilang oras din siyang nagmaneho ng kanyang sasakyan mula sa kanilang townhouse sa Quezon City paakyat ng Baguio kung saan siya dederecho sa bahay ng kanyang Tito Philip. Nang nagdaang araw pa lang ay iniisip na niya kung ano ang mga gagawin sa kanyang sandaling bakasyon at kung paano tutulungan ang kaibigan ni Tito Philip na hanapin ang kamag-anak nito sa La Trinidad. Isa pa, may ibang plano siya sa pagpunta roon. As usual, may kinalaman pa rin sa kanilang business.

Napailing si Joshua sa sarili. Sa halip na pahinga ang isipin niya, hindi pa rin niya mawaglit sa utak kung paano pa higit na mapapalago ang kanilang

negosyo.

Palubog na ang araw nang siya ay makarating sa lugar ni Philip. Nakabukas ang gate kaya derecho niyang ipinasok ang sasakyan sa garahe, gayunpaman ay bumusina pa rin siya para ipahiwatig na naroon na siya. Dama niya ang lamig na nanunuot sa kalamnan dahil sa hangin na marahang umiihip nang siya ay lumabas sa kanyang sasakyan. Bitbit na niya ang isang katamtamang traveling bag at suitcase. Ang jacket niya ay nakasampay sa kanyang balikat na hindi na niya nakuhang isuot. Nagmamadali siyang pumasok ng bahay.

“Joshua,” masayang bati ni Philip sa pamangkin na sumalubong sa kanya.

“It’s freezingly cold,” komento niya, sabay yakap sa tiyuhin pagkababa niya ng mga gamit sa ibabaw ng couch. “Kumusta ka, Tito?” aniya pagkuwan.

“Mabuti. Akala ko mamayang gabi ka pa makakarating.”

“Nope,” umiiling na tugon niya. “Maaga akong umalis ng Manila para hindi ako masyadong gabihin sa daan.”

“Mabuti naman kung gan’on.”

“So, ano ang maipaglilingkod ko, Tito?” walang paliguy-ligoy na tanong niya.

Philip waved his hand to dismiss his inquiry. “Not now, Hijo. We’ll discuss it later during dinner. Sa ngayon ay magpahinga ka muna doon sa silid mo. Alam kong pagod ka sa biyahe. Ipapatawag na lang kita mamaya para sa dinner at maaga pa naman.”

“Okay,” kibit-balikat niya. “I’ll see you later,” aniyang binitbit ulit ang mga gamit para dumerecho sa silid niya. Hindi pa man siya nakakalayo ay lumingon siya para tanungin ito tungkol sa bisita na tutulungan niya. “By the way, how’s your visitor?”

“Later, Hijo,” natatawa nitong saad na ikinumpas ang isang kamay para ipagtabuyan siya papunta sa kanyang silid.

Napangiti siya sa sarili na muling lumakad patungo sa kanyang kuwarto.

Pumasok siya sa pangalawang kuwarto mula sa master’s bedroom na nasa unang pinto. Iyon ang kuwarto na nakalaan para sa kanila ni Jeremiah kapag sila ay tumutuloy roon. Ang kanilang bahay ay talagang matatagpuan sa La Trinidad kung saan naroon ang kanyang ina. Mayroon din silang farm doon sa malawak nilang lupain.

Kapapasok lang noon ni Maggie sa kanyang silid nang marinig niya ang busina ng isang sasakyan at ang kasunod niyon ay ang pagbukas ng pinto sa pangalawang kuwarto. Nasa pangatlong pinto ang silid na kanyang inookupahan. Ayon kay Erma, iyon ang kuwarto ng nag-iisang anak ni Philip na ngayon ay nasa Canada na.

Wala siyang magawa nang buong maghapon. Unti-unti na siyang nakakaramdam ng boredom simula pa nang nagdaang araw. Hindi rin siya makapag-isip at makapagplano kung saan siya mag-uumpisa para hanapin ang kanyang abuela dahil kailangan daw niyang hintayin ang pagdating ng pamangkin ni Ninong Philip na siyang tutulong sa kanya. Curious tuloy siya kung sino itong pamangkin nito at paano siya nito matutulungan.

Kaya ang ginawa niya buong maghapon ay matulog, mag-ikut-ikot sa paligid ng bahay. Hindi naman siya makagala dahil kaninang umaga hanggang tanghali ay maulan. Nitong hapon na lang tumila ang ulan at tinamad na siyang lumabas.

Nagpalakad-lakad siya sa loob ng kuwarto, hindi alam kung ano ang gagawin. Naalala niya ang mga panaginip.

The Man On A White Horse - Cher Reyes

She felt a chill ran down her spine at napaupo siya sa ibabaw ng kama. She wanted to be free from that nightmare. Habang tumatagal, pakiramdam niya ay masisiraan siya ng bait.

God, I need Your help, ang tanging naiusal ng dalaga. Pakiramdam niya ay hindi na siya makakawala sa pagkakabilanggo sa mga nararanasan niya, kaya minsan tuloy ay natatakot na siya kapag darating na ang gabi. Pero umaasa siya na kapag nakarating siya sa lugar ng lola niya ay titigil na ang mga bangungot na ito. “How I wish...” marahan niyang bulong sa sarili na napahalukipkip.

Napakislot si Maggie nang biglang may kumatok sa kanyang pinto. Narinig niya ang pagtawag ni Erma mula sa labas. Sinabi nito na kakain na sila.

“Sige po, susunod ako.” Narinig niya ang mga yabag nito na papaalis.

Hindi namalayan ni Maggie na pasado alas seis na pala nang mapasulyap siya sa maliit na alarm clock sa side table ng kama. Tumayo siya at lumapit sa salamin para ayusin ang kanyang buhok. Itinali niya iyon ng ponytail. Simple lang ang kanyang ganda dahil siya ay simpleng tao lang. Pero kung nakakapagayos siya ng sarili, hindi maikakaila ang kanyang natural na ganda. Her skin was a little bit brown. Her

friends found her round eyes to be charming.

Nagmamadali siyang lumabas ng kuwarto dahil ayaw niyang mahuli sa hapunan. Napapitlag ulit siya nang dumaan siya sa kasunod na pinto nang bigla iyong bumukas. He heart leapt in fear at napahawak siya sa dibdib.

God, what's happening to me at nagiging magugulatin na ako?

“Oops! I didn’t mean to scare you,” anang boses nang hindi nakaligtas dito ang kanyang pagkagulat sa bumukas na pinto. Buo iyon at lalaking-lalaki ang dating.

Nakahinga siya nang maluwag. Nag-angat siya ng mukha at sinalubong ang tingin nito. Saglit na nagtama ang kanilang mga mata. He smiled, showing perfect set of white teeth. Kung kanina dahil sa pagkagulat kaya bumilis ang tahip ng kanyang dibdib, ngayon ay dahil sa lalaking nakatayo sa kanyang harapan.

Why, he was the most handsome man she had come across in her life. And when he smiled, pakiramdam niya ay na-starstruck yata siya. Marami na siyang nakilalang guwapong lalaki, but this one was perfectly awesome and attractive. Magulo ang

buhok nito na mukhang kababangon lang mula sa pagkakahiga. Malapad ang dibdib at matipuno ang mga brasong nakahantad dahil sa t-shirt na suot nito. Matangkad na siya pero mas matangkad ito sa kanya nang ilang pulgada.

Tumikhim ang lalaki nang tila naging tuod siya na hindi na gumalaw habang nakatitig sa mukha nito. “Hi, I guess you’re my uncle’s visitor,” anito.

Kaagad siyang nagbaba ng tingin dahil sa pagkapahiya. Alam niyang namumula na ang kanyang mukha dahil sa nakakahiyang reaksiyon niya. How could she act like that? She was lost before him.

Pakiramdam niya ay nawalan siya ng boses dahil hindi siya makapagsalita kaagad para sagutin ito. “A-and I presume you’re his nephew,” she said softly, still embarrassed that she couldn’t lift her eyes to look at him.

Tumango ito. “By the way, I’m Joshua at your service,” nakangiti nitong pagpakilala na inilahad ang kamay. Ang mga mata nito ay punong-puno ng amusement habang nakatingin sa kanya dahil sa biglang pagbago ng kanyang reaksiyon. “I hope I didn’t scare you.”

Nahihiya man ay inabot niya ang kamay nito at

tumingin dito. “Maggie Advincula,” sagot niya. His hand was warm, dama niya ang pagguhit ng init sa kanyang malamig na palad nang magsalikop ang mga iyon. “N-nagulat lang ako kanina.”

“Maggie,” anas nito na tila ninanamnam ang kanyang pangalan sa mga labi nito.

Tila wala itong balak na bitawan ang kanyang kamay, kaya kusa niyang binawi iyon mula rito. She heard him chuckle softly when her hand slipped from his. Pakiramdam niya ay lalong dumagundong ang kanyang dibdib at nanlambot ang mga tuhod.

Maggie, what’s happening to you? Hindi niya mawari ang kanyang sarili sa nararamdaman sa harapan ng lalaki.

Joshua... Oh, the sound of his name was wonderful kahit sa kanyang isip lang.

“Sorry, napahigpit yata ang hawak ko sa kamay mo,” he said in a playful mood. His way of covering up his action.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot.

“Halika na, hinihintay na tayo ni Tito Philip para sa ating hapunan,” anito nang hindi siya sumagot. Nagpatiuna itong lumakad at sumunod siya

The Man On A White Horse - Cher Reyes

patungong dining area.

3

Come on, Maggie, act normal. Gusto niyang pagalitan ang sarili dahil tila nawawala siya sa katinuan pag kaharap si Joshua. Ano ba itong nararamdaman niya? Para siyang teenager na nakadaupang-palad ang kanyang matagal na crush na noon ay hanggang abot-tingin lang niya.

Narinig niyang parang may sinasabi ang lalaki habang nakabuntot siya. Hindi nga lang niya masyadong naulinigan.

“H-ha? Y-you’re saying something?”

Lumingon ito, nakangiti. “I asked kung, kailan ka dumating dito.”

“K-kahapon.”

Tumango ang lalaki. Bumagal ang lakad nito para magkasabay sila. “Kahapon ka lang pala dumating. So far, okay naman ang stay mo dito?”

Tumango siya.

Naabutan nila si Philip na naghihintay sa kanila. Nakatayo ito sa tabi ng dining table at ngumiti nang makita sila.

“Siguro sa lagay na ’yan ay magkakilala na kayo,” naaliw na puna nito sa dalawang pigurang papalapit.

“You guessed it right, Tito,” sagot ni Joshua.

“Pero para mas pormal... Maggie, gusto kong ipakilala si Joshua, ang aking pamangkin. Siya ang tutulong sa ’yo para matunton mo ang iyong lola,” pagpapakilala nito nang sila ay nasa harapan na nito.

Pilit siyang ngumiti sa binata habang umiiwas na mapatingin sa mga mata nito. “Kanina po nadaanan ko siya kaya nagkakilala na po kami,” paliwanag niya.

“O siya, sige, kumain na muna tayo,” muwestra nito sa pagkaing nakahain sa mesa.

Umupo ang matanda sa kabisera. Sa kanan nito ay pumuwesto siya samantalang si Joshua ay naupo sa katapat niyang upuan.

“Sina Manang Erma, hindi ba sila sasabay?” usisa ni Joshua sa mga kawaksi.

“Huwag mo na silang isipin, mamaya na daw sila kakain at may ginagawa pa. Sige na, kumain na tayo.”

“Okay, let’s pray first for our food,” anang binata.

Napatingin dito si Maggie nang yumuko ito at

The Man On A White Horse - Cher Reyes

nagpasalamat sa pagkain nila. Napagaya na rin siya, ganoon din ang matandang lalaki. He uttered just a very simple prayer of thanksgiving for their food.

Gustong matawa ni Joshua sa unang reaksyon na nakita niya kay Maggie kanina sa una nilang pagkikita. The way she looked at him was pretty amusing. Those innocent eyes couldn't conceal admiration but soon overcame by shyness.

Kung ibang babae siguro ang nakaengkuwento niya, baka sa halip na yumuko ay magpapansin at pilit na kukunin ang kanyang atensyon. But she did not. Iyon kasi ang kadalasan na reaksyon na kanyang nakikita kapag siya ay nakakaharap.

Allergic yata siya sa mga babaeng flirt. Marahil iyon ang dahilan kaya sa edad niyang treinta ay hindi pa siya nakakapag-asawa. Mayroon na rin siyang ilang naging steady girlfriends, pero hindi naman nagtatagal ang kanilang relasyon. At ngayon simula nang magseryoso siya sa kanyang Christian life, isinantabi niya muna ang love life. Katuwiran niya ay darating at darating din iyon kahit hindi hinahanap sapagkat naniniwala siya na mayroong mas magandang inilaan ang Diyos para sa kanyang buhay.

Akala niya ang bisita ng kanyang Tito Philip ay lalaki. Wala naman kasi itong binanggit kundi anak lang ng kaibigan nito na kailangan niyang tulungan.

Hindi niya maialis ang kanyang mga mata sa pagkakatingin sa maganda at maamong mukha ni Maggie habang magkatapat sila sa mesa at kumakain ng hapunan. Nakayuko ito at tahimik na kumakain habang ang kanyang tiyuhin ay nagkukuwento tungkol sa buhay nito na matagal na niyang alam.

He saw fear in her eyes the first time he stared at them. Marahil ay sa pagkagulat sa hindi nito inaasahang pagbukas ng pinto ng kanyang silid. But he could not deny that behind those beautiful expressive round eyes, there was something bothering her. He could sense it.

Hindi siya masyadong gutom kaya halos tikim lang ang ginawa niya sa pagkain. Kinuha niya ang kanyang baso at uminom ng tubig.

“By the way, paano nga ba ako makakatulong?” aniya nang biglang manahimik si Philip na kanina pa nagsasalita at ikinukuwento kay Maggie ang buhay nito.

“Oo nga pala, si Maggie ay anak ng kaibigan ko, si Ponce na nakapag-asawa ng taga-Benguet, sa

La Trinidad,” sagot ng tiyuhin. “Simula nang mag-asawa sina Ponce at Edith ay doon na sila nanirahan sa Maynila. Matagal nang panahon na wala silang balita tungkol sa pamilya ng nanay ni Maggie. At ngayon ay nais na makita ni Maggie ang kanyang mga kamag-anak sa La Trinidad, tama ba, Hija?” anito na tumingin sa dalaga.

Uminom muna ito ng tubig bago nagsaita, “Opo. Matagal na kasing panahon na wala kaming balita sa side ng mama ko.”

“Matandaan ko, parang hindi ’ata dumating ang mga kaanak niya sa kanyang libing,” sabi nito.

“So, your father is still alive but not your mom, am I getting it right?” ani Joshua.

Tumango ang babae. “Maliit pa lang ako ay namatay na si Mama. Simula noon ay wala na kaming balita tungkol sa relatives ko sa side ng mama ko,” paliwanag ni Maggie na hindi derechang tumitingin sa kanya. “Tama po kayo,” baling nito kay Philip, “sabi nga po ng papa ko ay wala ni isa mang kamag-anak ang dumating sa burol at libing ni Mama.”

“Yet you want to find out about your folks?” naiiling niyang tanong. She should have a considerable reason to risk finding out her heritage on her mother’s

side. Sounds so mysterious but soon he would find out.

Suddenly, he saw a spark of alarm flooded her eyes; it was short-lived, though. Mabilis nitong naikubli ang pagkaalarma.

Goodness, ano ba ang isasagot niya sa lalaking ito, sa mapanuring tanong nito?

“I guess I have the right to know my roots,” kaagad niyang naisagot. Wala siyang balak na sabihin kung ano ang totoong dahilan, baka pagtawanan lang siya nito o kaya ay matakot at umatras na tulungan siya. Kahit sa sarili niya, maisip lang na may lahi ang kanyang mama involving witchcraft, hindi niya maiwasan ang hindi kilabutan.

Kakayanin kaya niya ito? Nitong huli nga lang ay nagiging magugulatin na siya. Paano pa kaya kung mapatunayan niyang dahil sa pangkukulam, kaya nangyari ang maagang pagpanaw ng kanyang ina, at ang panghihina ng kanyang papa at ang mga bangungot na patuloy humahabol sa kanya? Yet, she had no choice but to face it. Sa pagkakataong ito ay kailangan niyang sumugal kahit hindi niya alam kung ano ang mangyayari sa kanya.

“So what will be the plan?”

Maggie tried to clear her throat. Pakiramdam niya kasi, nagbara ang kanyang lalamunan dahil sa tensyon. “Honestly, hindi ko alam ang lugar ng lola ko. One thing na alam ko ay nagkakilala ang mga magulang ko dito sa Baguio.”

“Dito noon nakatira si Ponce sa amin,” sabad ni Philip. “Nagkakilala ang mga magulang mo dahil nagtatrabaho noon si Edith bilang isang receptionist sa isang kompanya at doon napadpad si Ponce para magtanong dahil hindi niya masyadong kabisado ang opisina kung saan meron siyang appointment para sa isang construction project.”

Tumangu-tango si Maggie. Naikuwento na iyon ng papa niya sa kanya kaya alam niya. Hinintay niyang magpatuloy si Philip pero nang hindi na ito nagsalita ay siya na ang muling nagsalaysay. “Ayon kay Papa at kay Ninong Philip, taga-La Trinidad si Mama. Isang beses pa lang daw sila nakapunta doon at pagkatapos ay hindi na ulit nasundan.”

“Iyon ang panahon na iyon kung saan hiningi ni Ponce ang kamay ni Edith sa lola mo,” pagpupuno ng matanda sa impormasyon.

“Natatandaan n’yo pa ba, Tito, kung saang lugar

mismo ng La Trinidad kayo pumunta noon?” usisa ni Joshua.

Umiling ito. “Hindi pa masyadong develop ang lugar ng bayan ng La Trinidad noon, hindi katulad ngayon. Hindi ako masyadong napapagawi doon kahit noong magpakasal ang mga magulang mo, Hijo, at doon nanirahan ang kapatid ko sa lugar ng papa mo.”

“So, aside from this little information ay magti-treasure hunting tayo.” It was not a question but a statement said in a teasing manner. He couldn’t avoid forming a smile in amusement and looked at her.

Kagat-labing nagbaba siya ng tingin. Pakiramdam niya ay pinagtatawanan siya ng lalaki. Naramdaman niya ang pamumula ng kanyang mukha.

“Kailangan ko lang pong marating ang bayan ng La Trinidad, at siguro mula doon ay magtatanong-tanong ako sa munisipyo tungkol sa pangalan ng lola ko. Siguro sa mga baranggay na rin,” aniyang kay Philip nakatingin.

“That wouldn’t be easy. You might get lost. Baka may mangyari pang hindi maganda sa ’yo. We couldn’t afford that. Nasa pangangalaga ka ni Tito Philip at sagutin ka namin kapag may nangyaring

masama sa 'yo."

Bahagya siyang napayuko. "Pasensya na po sa abala," mahina niyang. Wala naman talaga siyang intensyon na magpabigat. Pero wala siyang ibang malalapitan na makakatulong sa kanya kundi ang kaibigan ng papa niya. She had to swallow every pride she got.

"Hindi, Hija, wala kang dapat na ihingi ng pasensya. Kagalakan namin na matulungan ka. Hindi ba, Hijo?" baling ni Philip sa pamangkin.

"At your service, Tito," tugon ni Joshua.

Napagpasyahan nila kanina sa kanilang pag-uusap na bukas din ng umaga ang kanilang alis papuntang La Trinidad. Napag-alaman niya mula na rin kay Joshua na ang ina nito ay nandoon sa lugar na iyon at doon sila mananatili habang nangangalap ng impormasyon tungkol sa whereabouts ng kanyang lola. Si Philip ang nagpaliwanag sa kanya na lumaki ang pamangkin sa bayang iyon kaya mas kabisado nito ang lugar.

Nauna siyang nagpaalam sa magtiyuhin pagkatapos nilang kumain ng hapunan. Dumerecho siya sa kanyang silid. At heto ulit siya, hindi makatulog

habang nag-iisip kung ano ang mangyayari bukas at sa susunod na mga araw, at kung papaano niya pakikiharapan ang lalaking magsisilbing guide niya habang naghahanap sa kanyang lola.

Napabuntong-hininga siya. Kung bakit pa kasi kinakailangan niyang dumaan sa ganito. Those creepy dreams were giving her tough time in her life.

God, I wanna be free. Please help me. She felt helpless, that she had nowhere else to go. Nakaramdam siya bigla ng pangungulila sa kanilang tahanang iniwan niya sa Manila. Ito ang unang beses na napalayo siya sa ama nang matagal. She was a little bit worried of her father dahil nakikita niya na lalo itong nanghihina. If the curse was true, how she wished they could end it soon.

Malamig ang gabi kaya nakabaluktot siya sa ilalim ng makapal na kumot habang pinipilit niyang makatulog. Iniwan niyang nakabukas ang ilaw sa loob ng silid. She was not at ease having the lights turned off while sleeping. Pakiramdam niya kasi kapag madilim ay parang mahuhulog siya sa bangungot ng karimlan.

Hindi naman naging mailap sa kanya ang antok dahil mayamaya lang ay nakatulog na siya.

Bigla na lang siyang napabalikwas sa higaan kinabukasan nang siya ay magising at mapansing maliwanag na ang labas ng bahay, hudyat na umaga na. Kaagad siyang napatingin sa alarm clock sa side table sa pangambang tinanghali na siya at hinihintay na siya ni Joshua. Pero nakahinga siya nang maluwag nang makita niyang alas seis pa lang ng umaga. Muli siyang humiga.

Mayamaya ay tumayo na si Maggie at naginat. Inayos niya muna ang kanyang higaan saka lumabas para magkape. Bagaman nahihiya ay pinilit niyang maging feel at home. Nagpapasalamat siya na accommodating si Ninong Philip pati ang mga kasama nito sa bahay. Pero kay Joshua, pakiramdam niya ay alanganin siya.

Naabutan niya sina Erma at Lara sa kusina na katatapos lang magkape at mukhang mag-uumpisa na sa mga gawaing-bahay.

“Good morning po,” nakangiti niyang bati sa dalawa.

“Good morning din,” nakangiting halos sabay na tugon ng mga ito.

“Magkape ka na. Katatapos lang namin,” ani Erma habang nagliligpit ito ng mesa.

Tumango siya. “Ang lamig, sobra,” aniyang nakakrus ang mga braso sa dibdib.

“Oo, sobra,” turan ni Lara. “Dito muna kayo at may aasikasuhin lang ako,” pagkuwan ay pamamaalam nito saka lumabas sa pinto papuntang likod-bahay.

“Ano ba ang gusto mo, kape na may creamer o wala?” alok ni Erma.

“Ay, hindi na po. Ako na po ang bahala,” nahihiya niyang tanggi.

Kumuha ito ng tasa sa cup cabinet at inilagay iyon sa mesa para sa kanya. “Ikaw na ang bahalang magtimpla ng kape. Maiwan muna kita dito at may gagawin lang ako,” paalam nito. “May sinangag diyan at pritong hotdog.”

“Sige po. Salamat po,” aniya.

Iniwan siya nito at tinugpa ang daan papuntang sala.

Si Maggie na ang nagtimpla ng kanyang kape. Matapos kumuha ng plato at tinidor, umupo na siya sa tapat ng mesa para mag-almusal. Inabot niya ang bread loaf na nasa gitna ng mesa, kumuha ng tatlong piraso at inilagay sa kanyang plato. Inalis niya ang food cover ng pinggan na naglalaman ng hotdog.

Gamit ang tinidor ay kumuha siya niyon at nagumpisang kumain. Paminsan-minsan ay sumisimsim siya ng mainit na kape.

Mula sa gilid ng kanyang mga mata, nakita niyang papalapit si Joshua.

“Good morning,” nakangiting bati nito sa kanya.

Hindi niya maiwasan na hindi ito lingunin. Nakasuot ito ng sweater at jogging pants and a pair of running shoes. “You’re too early. Gusto mo bang sumama sa akin ngayon na mag-jog sa *Burnham Park*?”

“Ha?” She was caught off guard. She was a bit tempted to agree. Gusto niya sanang lumabas at mamasyal kahit saglit lang to experience her surroundings, kaya lang ay naunahan siya ng hiya. Ito ang unang pagkakataon niya na makarating ng Baguio. She should grab this opportunity, knowing that the day was promising a sunny morning.

Nakita ni Josh ang pag-aalangan sa kanyang mga mata. Tumayo ito sa kanyang harapan, ang mesa ay nakapagitan sa kanila.

“You’ve been here two days ago pa. At sinabi ni Tito na hindi ka naman nakaalis kahapon dahil umuulan. I can tour you around after jogging while

we have the opportunity. Bukas baka hindi mo na masyadong ma-enjoy sa La Trinidad.”

“Bukas pa tayo aalis patungong La Trinidad?” nag-aalala niyang tanong. She quickly finished the last drop of her coffee. As much as possible, gusto niya nang matapos ang sadya niya rito.

He chuckled when he saw the alarm in her beautiful face. “If you want to, we can postpone it ’til tomorrow morning.”

Napatuwid siya ng upo at napatingin dito, ang mga mata ay tumututol sa suhestyon nito. *He couldn't be serious. Surely, he was just finding time to tease me.*

He crossed his arms against his chest and laughed. “No, I’m planning to leave around lunchtime to La Trinidad today.”

Nakahinga siya nang maluwag sa narinig. Bagaman pilit niyang itinatago ang emosyon, alam niyang nababasa siya nito.

“But let’s have time to look around here first before we leave,” patuloy nito. “Sayang naman kung hindi ka man lang makapasyal. How many times have you been here, by the way?”

Gusto niyang pamulahan ng mukha dahil ang

The Man On A White Horse - Cher Reyes

totoo niyan, this was her first time to come to Baguio. Kung bakit kasi wala siyang interest na umalis na malayo sa ama.

Napayuko siya at umiling. “This is my first time to be here, actually.” At last, she found her voice.

“Oh... No offense meant,” he said apologetically. “So, come on. Be my guest.”